Tagalog

Pahina ng Impormasyon 2 Ano ang Pambansang Pangkapansanang Paseguruhang Plano?

Ang pahina ng impormasyon na ito ay ginawa ng AMPARO Advocacy upang bigyan ang mga taong mula sa mga komunidad na may magkakaiba-ibang kultura at wika ng nakasaling impormasyon tungkol sa kapansanan.

Ang **Pambansang Pangkapasanang Paseguruhang Plano** na ang tawag ay NDIS ay isang bagong paraan upang tulungan ang mga taong may kapansanang kumuha ng pangangalaga at mga suportang kailangan nila. Ito ay libreng, pambansang pamamalakad kaya magiging pareho ito para sa mga tao sa buong Australya. Magkakaroon nito sa buong bayan sa 2019 at ito ay magsisimula sa ilang mga bahagi ng Queensland sa 2016. Ang mga taong kukuha ng suporta buhat sa NDIS ay tatawaging mga “kasali”.

Pagkakarapatdapat

Ang NDIS ay para sa mga taong may kapansanan na nakatira sa Australia at-

- Mas bata sa 65 taon ang idad noong una nilang puntahan ang NDIS
- Mga mamamayan ng Australya **O** permanenteng residente, **O**, mamamayan ng Niyusiland (New Zealand) na mga mayhawak ng bisang Protected Special Category
- May kapansanang hindi mawawala, ‘panghabang-buhay’ at naapektuhan ang kanilang kakayahang makisali sa pang-araw-araw na mga gawain.

Para sa mga taong hindi karapatdapat, maaaring iugnay sila upang humanap ng ibang mga nababagay na suporta.

Pagpili at Kontrol

Noong mga nakalipas na panahon, ang pakiramdam ng maraming mga taong may mga kapansanan sa Australya ay hindi sila kasali sa buhay ng komunidad at kaunti lamang ang mapagpipilian kung paano sila mabibigyan ng mga suporta. Sa NDIS, mapapagpasiyahan ng mga kasali kung ano ng mga suportang nais nila at kung paano nila tatanggapin ang mga ito.

Makatwiran at Kailangang Suporta

Ang NDIS ay magbabayad para sa suportang may kaugnayan sa kapansanan, kailangan, at matutulungan ang isang taong matupad ang kanilang mga hangarin at pangarap, at matutulungan ang mga taong maging higit na independiente.

Ang NDIS ay nagbibigay ng suporta na kailangan ng mga tao upang maging bahagi ng pangsosyal at pang-ekonomiyang buhay ng komunidad. Maaaring ibilang dito-

- Pakikipagkapwa at pagkakaroon ng mga ugnayan sa mga iba - kasama ng pamilya at mga kaibigan
- Pagsali sa mga gawaing pangkomunidad at pangsosyal - ibilang ang mga gawaing pamamahinga

- Pagpasok sa paaralan, pag-aral at pagkakaroon ng pagsasanay- gaya ng pag-aral sa TAFE o Pamantasan
- Mga karaniwang pang-araw-araw na tungkulin sa buhay gaya ng paggawa ng mga pagpapasya, pagbayad ng mga kuwenta, at paglutas ng mga problema
- Pakikipag-unawaan – gaya ng pakikpag-unawaan at pag-uunawa ng mga iba
- Kadaliang kumilos – gaya ng paglibot-libot sa inyong tahanan at komunidad, o pagkuha ng mga kagamitan o mga gamit na pantulong para gawin ito
- Panariling-pangangalaga at mga ispesyal na pangkalusugang pangangailangan - gaya ng tulong sa pagligo sa dutsa, sa pagbihis at paglinis ng inyong tahanan
- Trabaho- gaya ng paghanap ng trabaho at pananatili sa isang trabaho

Ang hindi popondohan ng NDIS

Ang NDIS ay hindi popondohan ang anumang-

- hindi kaugnay sa kapansanan ng tao
- ukol sa pang-araw-araw na gastos sa pamumuhay na hindi nauukol sa pangsuportang pangangailangan ng tao
- dapat pinopondahan ng ibang ahensya, gaya ng edukasyon, kalusugan o pagbahay
- malamang ay magiging sanhi ng pinsala sa kasali o sa mga iba.

Ang mga batang may kapansanan

Ang NDIS ay matutulungan din kayong kumuha ng maagang suporta para sa isang batang may kapansanan. Ang maagang suporta ay maaaring bawasan ang pagmahabang –panahong tindi ng kapansanan sa inyo at sa inyong anak. Ang tawag ng NDIS dito ay “maagang pagkilos upang pabutihin ang isang medikal na karamdaman”.

Mga taong may kapansanan at ang kanilang mga pamilya

Ang mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan, kasama ng kanilang mga pagpili at mga pagpasiya ay pangunahin sa NDIS sa paggawa ng isang plano upang suportahan sila, ngunit ang tungkulin ng mga pamilya ay mahalaga rin.

Maaaring anyayahan ng mga taong may kapansanan ang kanilang pamilya at ibang mga tagataguyod na tulungan sila kasama ng NDIS sa proseso ng pagplano. Mag-iisip ang mga tagaplano ng NDIS tungkol sa mga paraan na matutulungan nila ang pamilyang magbigay ng walang tigil na suporta at isasaalang-alang ang tungkulin ng pamilya kapag gumagawa ng plano kasama ng kasali, ibibilang ang suportang kanilang ibibigay, mga ibang pananagutan, at ang kanilang sariling mga plano sa buhay. Ang mga tagaplano ng NDIS ay isasaalang-alang din na ang mga taong may kapansanan marahil ay nais ng suporta ng pamilya upang gumawa ng mga pagpasyang may maraming nilalamang impormasyong mahalaga, at pinahahalagahan nila ang kanilang mga palagay, karunungan at karanasan.

Kung kailangan ninyo ng tagapagsalin

Kung kailangan ninyo ng tagpagsalin upang magtanong o makaalam nang higit pa, tawagan ang TIS sa 131 450 at hilingin na ikonekta kayo sa National Disability Insurance Scheme, 1800 800 110.

Paano ninyong malalaman kung kayo ay karapatdapat

Magagamit ninyo ang NDIS Access checklist upang makita kung kayo ay karapatdapat na tumanggap ng tulong buhat sa NDIS. http://www.ndis.gov.au/ndis-access-checklist

Kapag nagsimula ang NDIS sa Queensland, masusulat ng mga taong may kapansanan ang mga kinakailangang impormasyon sa “Pormularyo ng Kahilingan sa Pag-access (“Access Request Form”). Bibigyan ng pormularyo ang NDIS ng impormasyon upang magpasya kung maaari kayong makakuha ng suporta buhat sa NDIS. Sa pormularyo, dapat kayong magbigay ng impormasyon tungkol sa inyong kapansanan, inyong idad at inyong pagkamamamayan/pananahanan (residency) sa Australya. May mga kopya ng pormularyo at ang mga uri ng impormasyon at mga dokumento na kailangan ninyo ibigay upang suportahan ang inyong kahilingan (hal. *katibayan ng kapansanan, pananahanan (residency)*, id*ad* atbp) sa NDIS website (sa ilalim ng Participant section).

Bago magplano

Makakapagsimula na ang mga taong mag-isip at magplano tungkol sa kung paano nilang nais mabuhay at kung anong tulong ang kanilang kakailanganin para gawin ito. Mayroong NDIS pamplanong workbook na masusulatan ng mga tao ng mga kinakailangang impormasyon para tulungan silang maghanda para sa proseso ng pagplano. Nasa NDIS website ang mga kopya ng workbook. Ito ay sinalin sa mga sumusunod na wika- Kastila, Biyetnames, Arabo, Griyego, Italyano at pinagaan at kinaugaliang intsik.

Paggawa kasama ng isang tagaplano ng NDIS

Kapag kayo ay pinasabihan na kayo ay karapatdapat para sa NDIS, makakatanggap kayo ng isang pamplanong kit. Ipapaliwanag ng pamplanong kit ang proseso ng pagplano at pagtasa. Kasama din sa kit ang isang pahayag ng kasali na dapat sulatan ng mga kailangan impormasyon nauuna sa proseso ng pagplano at pagtasa. Kung kailangan ng mga tao ng tulong gaya ng isang tagapagsalin o mga isinaling bagay, makakatulong ang NDIS sa pagsasaayos nito. Mahihiling din ninyo na isalin ang mga dokumento kung kailangan ninyo ito para sa mga miting.

May sari-saring paraan na magagawa ninyo ang inyong NDIS plano, mabibilang dito ang pakikipagkilala sa isang tagaplano ng NDIS. Ang NDIS ay tutulungan kayong pag-usapan ang inyong mga pangangailangan, mga hangarin at pagmimithi at ang mga suportang kasalakuyang tinatanggap ninyo. Maaaring kakailanganin nito ng higit sa isang pakikipag-usap at maaari kayong magsama ng sinuman para sumuporta. Gamit ang impormasyong ito, ang NDIS ay gagawa na ng isang plano ng mga suporta na pinakamagsasapat ng inyong pangangailangan at ng inyong mga hinahangad. Maaari kayong mag-anyaya ng mga taong susuporta at tutulong sa inyo sa panahon ng proseso ng pagplano.

Para sa karagdagang impormasyon www.ndis.gov.au

Ang impormasyong ito ay ginawa ng AMPARO Advocacy Inc.

Bagamat ang lahat ng pag-iingat ay ginawa para tiyaking tama sa panahon ng paglalathala, ang nilalamann na ito ay inukol upang mabigay ng pangkalahatang buod ngunit maaaring hindi tamang-tama, pangkasalukuyan o kumpleto. Lubhang irinrekomenda ang karagdagang panariling payo.

AMPARO Advocacy inc

9 Chippendall St, Milton QLD 4064
info@amparo.org.au, www.amparo.org.au

phone 07 3369 2500
Interpreter Service 13 14 50